

Manatiling malusog kapag bumalik sa bahay pagkatapos ng bushfire

Tanungin ang iyong lokal na mga serbisyo ng emerhensya kung ligtas nang makabalik sa iyong bahay. Kung maaari kang makabalik, magplano nang antimano. Alamin ang mga panganib sa kalusugan at kaligtasan.

Huwag magdala ng mga bata. Kung kinakailangan mo, siguraduhin na sila ay ligtas rin.

Dalhin ang mga bagay na ito sa iyong bahay:

- nakabotelyang inuming tubig
- pagkain
- sunscreen
- isang malapad na sombrero para sa proteksyon sa araw
- pangproteksyon na kasuutan kabilang ang mga matibay na sapatos, matibay na pantrabahong guwantes, disposable na coveralls (na may mahabang manggas at pantalon) at P2/N95 na face mask.

Mag-ingat sa mga hindi ligtas na bagay tulad ng:

- sunog na abo at troso, asbestos, alikabok, kemikal at metal
- pagkain at medisina nasira ng sunog o init
- inuming tubig na kontaminado (marumi) ng abo, pamatay sunog (fire retardant) at dumi (halimbawa basura, lupa, mga insekto, o hayop).

I-scan ang QR code sa ibaba upang malaman kung paano ligtas na maglinis at magtanggap ng mga bagay na mapanganib.

Kapag lumisan mula sa iyong lupa't bahay:

- balutin ang lahat ng mga pangproteksyon na kasuotang sa isang supot ng basura (bin bag)
- hugasan ang iyong mga kamay pagkatapos maalis ang iyong pangproteksyon na kasuotan
- linisin ang iyong mga sapatos bago muling isuot ang mga ito.



Dagdagan ang kaalaman: www.health.nsw.gov.au/bushfires